Republic of the Philippines
Department of Education
Region V(Bicol)
**DIVISION OF CATANDUANES**
Virac, Catanduanes
Email Add: catanduanes@deped.gov.ph/catanduanesdiv15@gmail.com
Website: www.depedrovcatanduanes.com Tel No.: (052)811-40-63

22 Oktubre 2018

RELEASED
DepEd, Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date: OCT 24 2018
Time: 9:22 A.M.
Initial/Signature:

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 285 s., 2018

**Pansangay Na Tagisan Ng Talento**

**Sa Mga:** Punong Tagamasid
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya at Sekundarya (Pampubliko at Pribado)

1. Alinsunod sa Panrehiyong Memorandum Blg. 150 s., 2018 re: 8th Bicol Patiribayan Festival, ang Sangay ng Catanduanes ay magkakaroon ng Pansangay na Tagisan ng Talento sa Ispeling, Madulang Pagkukuwento, Sulat-Bigkas Ng Tula (SULKAS), Dagliang Talumpati at Interpretatibong Pagbasa sa darating na Nobyembre 9, 2018. Isusunod na lamang ang lugar na pagdadausan.

2. Layunin ng gawaing ito na maipakita at malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino at makapili ng kalahok na kakatawan sa Panrehiyong Tagisan Ng Talento.

3. Ang mga kalahok ay ang mga nanalo ng unang puwesto sa munisipal na tagisan kasama ang kanilang mga tagapagsanay. Ang mamahala ng munisipal na tagisan ay nasa Kalakip 1. nj

4. Kaugnay nito, magkakaroon ng Oryentasyon ang mga komite at mga tagapagpadaloy (Kalakip 2) sa darating na Biyernes, Oktubre 26, 2018 sa Curriculum Implementation Division (CID), ganap na ika-8 n.u.. Sapagkat ang Oktubre 26 ay Holiday, ang mga kasangkot ay pagkakalooban ng isang araw na service credit/compensatory overtime credit.

5. Ang mga panuntunan at pamantayan ay matatagpuan sa Kalakip 3 at ang lista ng mga inaasahang kalahok ay matatagpuan sa Kalakip 4.

6. Ang rehistrasyon na 350 bawat kalahok para sa 1 pananghalian at 2 meryenda at gugulin sa pamasahe ay manggagaling sa MOOE ng paaralan. Samantala, ang pagkain ng komite, pamasahe, honorarium ng tagapagsalita at kagamitan sa tagisan ay manggagaling sa *HRTD Fund* na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

7. Para sa malawakang pagpapabatid ng Memorandum na ito.

**SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI**
Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:
TAGISAN FILIPINO GURO

gmt/CID

Kalakip I sa Memorandum Pansangay Blg., 285 s., 2018

**MAMAHALA SA MUNISIPAL NA TAGISAN**
(Nov. 6, 2018)

1. Baras: Herman Bodota –PSDS
   Jose Arcilla – PII (Agban CES)
   Maybelle Rubio – P I (Agban CES)
   Elsie Lizaso – Asst. Principal I
   Generosa Sarmiento – Principal II

2. Gigmoto: Henry Marin – Principal II
   Juan Geromo – Principal II (Gigmoto CES)
   Rico Trollano – Principal I (Dororian NHS)
   Christopher Tud – Teacher II

3. Virac: Edgar Rima – PSDS
   Ruth Sorrera – Principal II (JMAMES)
   Amelia Eusebio – Principal III (CNHS)
   Josalie Tonio- Principal I (Antipolo NHS)
   Marisol Lim- Principal II (VPES)

4. Panganiban: Erlinda Borbe – PSDS
   Arnold Valledor- Principal I (Panganiban NHS)

5. Bato: Merly Gonzales – PSDS
   Fidel Vegim – Principal II (Bato RDHS)
   Marivic Camacho- Principal II (Bato CES)
   Myla Cordial – Principal I (Buenavista ES)
   Pio Teleg – MT II (Bato RDHS)
   Erlinda Balamban- MT I (Bato RDHS)

6. San Miguel: Belen Tapas – PSDS
   Sonia Prensader- Principal II (San Miguel RDHS)
   Gloria Soriao – Principal II (San Miguel CES)

7. Caramoran: Edgardo Valencia – PSDS
   Cesmenda Borromeo – Principal II (Caramoran RDHS)
   Lea Arcilla – Principal II (Caramoran CES)

8. Pandan: Nelson Isorena – PSDS
   Lyra Tusi – Principal II (PSAT)
   Magdalena Lopez – MT II , OIC-Office of the Principal I (LIVS NHS)

9. Viga: Miguelito Rodriguez – PSDS
   Cynthia Usero _ Principal II (Viga CES)
   Janet Tonio – Principal I (Tambongon NHS)
   Arnulfo Tawat – Principal I (Tinago ES)
   Nestor Emerenciana – Principal II (Viga RDHS)

10. Bagamanoc: Brenda Villarey – PSDS
    Clarissa Magdaraog – Principal I (Bagamanoc CES)
    Mila Villarey – Principal II (Bagamanoc RDHS)
    Richelle Bragais – Master Teacher I (Bagamanoc CES)

11. San Andres: Elias Abundo – PSDS
    Dennis Gianan- Principal II (SACES)

Kalakip 2 sa Memorandum Pansangay Blg. 285, s., 2018

KOMITE
(Pansangay ng Tagisan ng Talento)

1. Disenyo ng Tarpaulin/Programa
   Edgar Maca- Teacher III (CNHS)
   Ruby Solsona – Teacher III (CNHS)
   Ricky Tid – Master Teacher I (Tinago ES)
2. Imbitasyon/Kagamitan ng Hurado
   Helen Garcia – Teacher III (Calatagan HS)
   Jesselou Balmadrid – Teacher III (Taytay ES)
3. Rehistrasyon
   Jesselou Balamadrid
   Helen Garcia
   Nelsie Arango – Teacher III (San Miguel CES)
4. Dokumentasyon
   Salve Templo- Principal II ( Cavinitan ES)
   Lorena Tulipat – Master Teacher I (Gogon ES)
   Thielen Go – Master Teacher I ( Virac Pilot ES)
5. Sertipiko/ICT
   Ricky Tid
   Karen Papango –Teacher II (Viga CES)
   Christophere Tapas - Teacher I (San Miguel CES)
   John Paul Padilla – Teacher I (Dugui ES)
6. Medalya/Tropeo
   Salve Templo
   Jesselou Balamadrid
   Lotis Tura – Teacher I (Burgos ES)
7. Tabulation Christophere Tapas

TAGAPAGDALOY

**Ispeling, Iispel Mo! (Baitang 6)**

Salve Templo
Lorena Tulipat

**Dagliang Taliumpati (Baitang 11/12)**

Helen Garcia
Thielen Go

**Madulang Pagkukuwento (Grades 4-6)**

Lotis Tura

Theilen Go

**Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS) – Grade 6**

Jesselou Balmadrid

Roselle Templonuevo- Teacher I (CNHS)

**Interpretatibong Pagbasa (Grades 7-10)**

Lorena Tulipat
Karen Papango
Cristopher Tud

**Deskripsyon:** Ang Pansangay na Patiribayan sa Filipino ay taunang paligsahan na naglalayong mataya ang mga taglay na tanging kaalaman at kakayahan ng mga mag-aaral sa Filipino sa pamamagitan ng makabuluhang paligsahan sa larangan ng wika at panitikan at mapili ang pinakamahusay at kakatawan sa Sangay sa Panrehiyong Paligsahan.

**Kategorya:** I. ELEMENTARYA

Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo! (Baitang 6)
Madulang Pagkukuwento (Baitang 4, 5, at 6) at isang visually impaired
Sulat at Bigkas ng Tula (SULKAS) (Baitang6)

II. SEKUNDARYA

Dagliang Talumpati (Baitang 11-12)
Interpretatibong Pagbasa (baitang 7-10)

Panuntunan at Pamantayan:

1. **PALIGSAHAN SA ISPELING, IISPEL MO!**

A. Kalahok

Bukas ang paligsahan sa mag-aaral sa Baitang 6.
Ang nararapat na lumahok sa paligsahan ay ang nanguna sa Munisipal na Paligsahan.
Isang kinatawan lamang sa bawat munisipyo.
Ang kalahok ay may gabay na tagapagsanay.

B. Panuntunan

- Ang bawat tagapagsanay ay maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan batay sa KWF Ortograpiyang Pambansa at UP Diksyunaryong Filipino. Tig-dalawang salita lamang na nakapaloob sa pangungusap (encoded, arial 14 font size, bond paper) para sa kategoryang madali, katamtaman at mahirap ang isusumite 30 minuto bago magsimula ang paligsahan.
- Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapapalooban ng salitang babaybayin . Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok. Bibigyan ng 7 segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.
- Ang puntos at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod:

| | |
|---|---|
| MADALI | 10 aytem X 2 puntos = 20 puntos |
| KATAMTAMAN | 10 aytem X 3 puntos = 30 puntos |
| MAHIRAP | 10 aytem X5 puntos = 50 puntos |
| **KABUUAN** | **100 puntos** |

- Ang kalahok ay kinakailangang nakasuot ng puting t-shirt at pantalong maong sa araw ng paligsahan.
- Ang magkakamit ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling Pansangay Na Kampeon ng IISPEL MO! at siyang kakatawan sa Panrehiyong Paligsahan sa Ispeling: Iispel Mo!.

2. **MADULANG PAGKUKUWENTO**

A. Kalahok

- Ang kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4,5,6 at isang Graded SPED (Visually impaired) na may edad labinlima pababa sa taon ng paligsahan.

B. Panuntunan

- Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
- Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;
- Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkasunod-sunod ng kuwento;

- Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal ng 10 minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
- Lahat ng kalahok ay mamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
- Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas;
- Walang anumang props o kagamitan, musika at instrument na dadalhin at gagamitin; iikot ang interpretyasyon sa kuwento lamang.

C. Pamantayan

| | |
|---|---|
| Interpretasyon | 40% |
| Pagpapalutang ng Diwa 20% | |
| Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| Hikayat | 20% |
| Dating sa madla (5%) | |
| Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| Tindig (5%) | |
| Kumpas/Kilos (5%) | |
| Bigkas | 20% |
| Matatas at maliwanag (10%) | |
| May pagbubuklod buklod ng mga salita (5%) | |
| May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| Tinig | 10% |
| Lakas (5%) | |
| Taginting (5%) | |
| Kaangkupan ng diwa at damdamin | 10% |
| **KABUUAN** | **100%** |

**3. SULAT BIGKAS NG TULA (SULKAS)**

A. Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral na nasa Baitang 6.
- Ang nararapat lumahok ay ang mag-aaral na nagkamit ng unang puwesto sa munisipal na paligsahan.
- Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.

B. Panuntunan

- Ang tulang isusulat ay naayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
- Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag organisa;
- Ang mga kalahok ay bibigyan ng 1 oras na pagsusulat at 30 minutong pag-eensayo;
- Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
- Ang lahat ng kalahok ay mamalagi sa isang malaking silid na hindi naririning ang pagtatanghal;
- Ang bawat kalahok ay bibigyan ng 5 minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
- Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

C. Pamantayan

| | |
|---|---|
| PAGSULAT | 50% |
| Interpretasyon ng Tula | |
| Kaugnayan sa paksa (25%) | |
| Organisasyon ng diwa (15%) | |
| Mekaniks (10%) | |

(Apat (4) na saknong na binubuo ng
Apat (4) na taludtod na may tugma)

PAGBASA — 50%

Hikayat

- Dating sa madla (5%)
- Kilos/galaw/kumpas (10%)
- Ekspresyon ng mukha (10%)

Tinig at Bigkas

- Lakas/Diin/Taginting (10%)
- Matatas at maliwanag (10%)
- Wastong pagbubukod ng salita (5%)

**KABUUAN** — **100%**

**4. DAGLIANG TALUMPATI**

A. Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mag-aaral na nasa Baitang 11 o 12.
- Ang nararapat lumahok ay ang mag-aaral na nagkamit ng unang puwesto sa munisipal na paligsahan.
- Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapagsanay.

B. Panuntunan

- Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan.
- Siya ay bibigyan lamang ng tatlong (3) minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundan na kalahok
- Ang bawat kalahok ay bibigyan ng dalawa (2) hanggang tatlong (3) minuto upang magtalumpati. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati.

| | | |
|---|---|---|
| 1-3 segundo | - | 5 puntos |
| 31-60 segundo | - | 1 punto |
| 61 segundo | - | 2 puntos |

- Itataas ang bandilang berde bilang hudyat ng pagsisimula, dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at bandilang pula na tapos na ang itinakdang oras. Corporate attire ang inaasahang kasuotan ng kalahok.

C. Pamantayan

Interpretasyon — 35%

- Kaugnayan sa paksa 20%
- Pagbibigay diin o damdamin (15%)

Hikayat — 25%

- Dating sa madla (5%)
- Kakayahang Pantanghalan (5%)
- Kilos, galaw, kumpas (10%)
- Ekspresyon ng mukha (5%)

Tinig — 20%

- Lakas (5%)
- Taginting (5%)
- Kaangkupan ng diwa at damdamin (10% )

Bigkas — 20%

- Matatas at maliwanag (10%)

**KABUUAN** — **100%**

**5. INTERPRETATIBONG PAGBASA (Pagbibigay Interpretasyon sa Wastong Pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa ng Tula)**

A. Kalahok

- Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral na binubuo ng isang pangkat mula sa Baitang 7, 8, 9 at 10.
- Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang pangkat ng mag-aaral ng nagkamit ng unang puwesto sa munisipal na paligsahan.
- Ang bawat pangkat na kalahok ay binubuo ng apat (4) na mag-aaral sa gabay ng isang (1) tagapayo/tagapagsanay.

B. Panuntunan

- Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
- Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay interpretasyon ng bawat kalahok .
- Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
- Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda.
- Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung (10) minuto, ganoon din ang mangyayari sa mga kasunod pang kalahok hanggang sa pinakahuling kalahok.
- Lahat ng kalahok ay mamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok,at ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin na hindi rin dapat marinig ang kanilang pagsasanay ng iba pang kalahok.
- Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa.
- Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at puting t-shirt.
- Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok.
- Walang anumang "props" o kagamitan, background music at instrument na maaaring gamitin.
- Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

C. Pamantayan

| | |
|---|---|
| Katapatan | 40% |
| Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| Pagbibigay diin sa damdamin (20%) | |
| Hikayat | 20% |
| Pang-akit sa madla (5%) | |
| Pagbibigay buhay sa tauhan (5%) | |
| Tindig (5%) | |
| Kumpas (5%) | |
| Tinig | 10% |
| Lakas(5%) | |
| Taginting (5%) | |
| Kaangkupan ng diwa at damdamin | 10% |
| Bigkas | 20% |
| Matatas at maliwanag (10%) | |
| May pagbubuklod-buklod ng mga salita (5%) | |
| May wastong diin at intonasyon (5%) | |
| **KABUUAN** | **100%** |

**Paalala:** Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang electronic gadgets sa holding area at sa buong panahon ng pagtatanghal.

Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa holding area.

Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.

Kalakip 4 sa Memorandum Pansangay Blg. 285 s., 2018

## BILANG NG KALAHOK NA MAGMUMULA SA BAWAT MUNISIPYO

| MUNISIPYO | ELEMENTARYA | | | | | | SEKUNDARYA | | | | KABUUAN |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Ispeling (Baitang 6) | | Madulang Pagkukuwento (Baitang 4, 5, 6 at isang bulag) | | Sulat Bigkas ng Tula (SULKAS) (Baitang 6) | | Dagliang Talumpati (Baitang 11-12) | | Interpretatibong Pagbasa (Baitang 7-10) | | |
| | Mag-aaral | Tagapagsanay | Mag-aaral | Tagapagsanay | Mag-aaral | Tagapagsanay | Mag-aaral | Tagapagsanay | Mag-aaral | Tagapagsanay | |
| **Bagamanoc** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **Caramoran** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **Pandan** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **Panganiban** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **San Andres** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **Virac** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **Bato** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **San Miguel** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **Baras** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **Gigmoto** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |
| **Viga** | 1 | 1 | 4 | 1 | 1 | 1 | 1 | 1 | 4 | 1 | **16** |